

## MGA MADALAS ITANONG

Ang Orange County Power Authority (OCPA) ay isang lokal na pinapamahalaan at not-for-profit na ahensya ng Community Choice Aggregation (CCA), na kilala rin bilang isang provider ng enerhiya sa komunidad, na naghahatid sa mga negosyo at residente ng Orange County ng mas malinis na enerhiya sa mga kompetitibong rate.

### Community Choice Aggregation

- **Ano ang Community Choice Aggregation at paano ito nabuo?**

Noong 2002, pinayagan ng Lehislatura ng Estado ng California ang mga lungsod at county na mag-procure ng kuryente para sa mga customer sa kani-kanilang hurisdiksyon. Binibigyang-daan ng mga CCA ang mga lokal na pamahalaan na bumili ng renewable na enerhiya sa ngalan ng mga komunidad ng mga ito, habang nakakatanggap pa rin ng serbisyo sa transmission at pamamahagi mula sa mga for-profit na utility.

Mayroong 25 CCA na matagumpay na nag-o-operate sa buong California, at nagseserbisyo sa mahigit 14 na milyong customer sa 200 komunidad. Pagsapit ng 2025, inaasahang 85% na ng California ang mapagseserbisuhan ng mga CCA.

- **Bakit awtomatikong ine-enroll ang mga customer sa mga CCA?**

Noon pa man, ang mga for-profit na utility na ang default na provider ng serbisyo para sa mga customer sa mga hurisdiksyon ng mga ito. Nalalapat ang default na pagtatalagang ito sa Pag-generate ng enerhiya, at Transmission/Delivery. Noong 2002 sa pamamagitan ng Assembly Bill 117, pinayagan ng Lehislatura ng Estado ng California ang mga lungsod at county na mag-procure ng kuryente para sa mga customer sa kani-kanilang pinagseserbisyuhang lugar at binago nito ang default para sa Pag-generate ng enerhiya at ginawa itong provider ng enerhiya sa komunidad, habang ganap pa ring nananatili sa for-profit na utility ang Transmission at Delivery. Parehong dapat na sumunod sa mandatong ito ng estado ang OCPA at for-profit na utility, pero ngayon, may mapagpipilian na ang mga customer para sa kanilang Pag-generate ng enerhiya! Magagawa ng mga customer sa mga lugar ng serbisyo na ito na pumili ng ibang antas ng renewable na enerhiya o bumalik sa for-profit na utility anumang oras.

### Orange County Power Authority

- **Ano ang Orange County Power Authority?**

Bilang isang lokal na pinapatakbo at not-for-profit na Joint Powers Authority, mas mabilis na nagpo-procure ang OCPA ng renewable na enerhiya para ilagay sa grid kaysa sa mga for-profit na utility, na nag-aalok sa mga customer ng opsyong mag-invest sa higit pang renewable na enerhiya sa mga kompetitibong rate bilang pamana para sa mga susunod na henerasyon. Nakatuon ang OCPA sa pagbibigay ng mas malinis at renewable na kuryente, at nag-i-invest ito sa mga makabagong programa na mapapakinabangan ng mga residente, negosyo, kapaligiran, at ekonomiya sa ating mga komunidad.

Nakakatulong ang mga customer ng OCPA na palakasin ang lokal na pagkontrol sa mga pagpapasya sa pag-procure ng kuryente, bawasan ang carbon footprint na nauugnay sa kanilang serbisyo sa kuryente, at nakakatulong silang suportahan ang paglago ng mga lokal na proyekto sa renewable na

enerhiya. Sa halip na magbigay ng kita sa mga investor, puwedeng gamitin ang net na kita ng OCPA (pagkatapos ibawas ang mga gastusin sa buying power at pangangasiwa) para gawing stable ang mga presyo ng kuryente, magbigay ng mga insentibo para sa mga solar installation, suportahan ang mga programa sa efficiency ng enerhiya, at mag-develop ng mas maraming lokal na mapagkukunan ng renewable na enerhiya sa at malapit sa Orange County.

- **Aling mga komunidad sa Orange County ang kasalukuyang nakikilahok?**

Ang mga kasalukuyang miyembro ng OCPA ay ang mga lungsod ng Buena Park, Fullerton, Huntington Beach, at Irvine.

- **Kailan nagsimula ang serbisyo?**

Nagsimula ang komersyal na pag-enroll ng customer noong Abril 1, 2022. Nagsimula ang pag-enroll para sa mga residential na customer noong Oktubre 1, 2022. Na-enroll ang mga customer ng Net Energy Metering (NEM) sa isang rolling basis batay sa kanilang petsa ng “taunang true-up.” Magbasa pa tungkol sa NEM sa ibaba.

- **Ano ang mga benepisyo ng paglahok at pagsuporta sa aking lokal na provider ng enerhiya sa komunidad?**

Habang pinag-iisipan mo ang mga opsyon at ang mga sarili mong layunin sa carbon neutrality, mahalagang tandaan na sa pagpapasyang lumahok sa OCPA, mabibigyang-daan ang mga sumusunod:

- Higit pang lokal na kontrol sa pag-generate ng enerhiya na nagseserbisyo sa mga miyembro ng komunidad;
- Kumpetisyon sa market ng enerhiya, na wala bago ito;
- Suporta sa mga lokal na proyekto sa enerhiya;
- Pagsulong ng lokal na lakas-paggawa; at
- Pag-reinvest ng mga pondo sa mga bagong insentibo at programa para masuportahan ang lokal na pangangailangan.

- **Anong uri ng renewable na enerhiya ang binibili ng OCPA?**

Bumili ang OCPA ng renewable na enerhiyang solar, wind, geothermal, hydropower, at biomass.

- **Paano makakasali ang mga lungsod sa OCPA?**

Ang Sangguniang Panlungsod ng bawat lungsod ang magpapasya kung gusto nilang sumali sa OCPA. Hinihikayat ka naming makipag-ugnayan sa iyong Sangguniang Panlungsod kung interesado kang matamasa ang mga benepisyo ng pagiging customer ng OCPA.

### **Paano Nagtutulungan ang OCPA at For-Profit na Utility**

- **Paano ito gumagana?**

Bumibili ang OCPA ng renewable na enerhiya (na tinatawag ding **Pag-generate**) at nakikipagtulungan ito sa for-profit na utility na naghahatid ng kuryente gamit ang dati na nitong imprastruktura ng linya ng kuryente. Pinapanatili ng for-profit na utility ang lahat ng transmission, delivery, pagbabasa ng metro, at pagsingil (na tinatawag ding **Transmission/Delivery**).

- **Ano ang magbabago kapag naging customer ako ng OCPA?**

Binibili ng OCPA ang kuryente para sa iyo, na tinutukoy ng plano kung saan ka naka-enroll. Halimbawa, kung naka-enroll ka sa Basic Choice plan, bumibili ang OCPA ng 38% renewable na enerhiya para sa iyo upang ilagay sa grid ng kuryente. Gayunpaman, manggagaling pa rin ang iyong bill sa for-profit na utility at ang enerhiyang dumadaloy papunta sa bahay mo ay inihahatid sa pamamagitan ng grid na tinutulungang imentina ng for-profit na utility. Hindi inihahatid ng OCPA ang kuryente sa bahay mo.

### **Kanino manggagaling ang bill ko?**

Bilang iyong provider ng enerhiya sa komunidad, sinisikap ng OCPA na panatilihin simple ang serbisyo nito. Pagdating sa breakdown ng iyong buwanang bill, matatanggap ng customer ang buwanang bill mula sa SCE – ang for-profit na utility, na kinabibilangan ng iyong mga singil ng SCE para sa paghahatid ng kuryente na sinusundan ng iyong mga singil ng OCPA para sa pag-generate ng kuryente. Tandaang ang OCPA ay HINDI isang idinagdag o dobleng bayad; pinapalitan lang nito ang mga singil sa pag-generate ng SCE. Inilalarawan ng pahinang ito ang iba't ibang singil na maaari mong makita sa iyong bill ng kuryente. Para maunawaan kung paano basahin ang iyong bill, bisitahin ang: <https://www.ocpower.org/understanding-your-bill/>

- **Ano ang hindi magbabago kapag naging customer ako ng OCPA?**

Patuloy kang makakatanggap ng bill ng kuryente mula sa SCE at patuloy nilang ihahatid ang kuryente sa bahay mo. Ang SCE ang nagmementina ng grid, at samakatuwid, kung mawawalan ka ng kuryente, sa SCE ka tatawag.

- **Magbabago ba ang pagiging maaasahan ng grid sa ilalim ng modelo ng programa ng enerhiya ng komunidad ng OCPA?**

Walang magbabago sa pagiging maaasahan ng grid, at mangyayari ang pag-disperse ng enerhiya nang hiwalay sa anumang pinagmumulan ng enerhiya. Ganap pa ring imementina ng California Independent System Operator ang dami ng enerhiyang inilalabas ng grid. Kung makakaranas ka ng pagkawala ng serbisyo, sa SCE ka pa rin mag-uulat.

- **May magagawa ba ang mga customer kaugnay nito?**

Oo naman! Mapipili ng lahat ng customer kung gaano karaming renewable na enerhiya ang kanilang ipapa-procure para sa kanila. Sa pagsali sa OCPA, pumipili ang bawat lungsod (miyembrong ahensya) ng programa sa pag-enroll ng customer na pinakaangkop sa kanilang lokal na komunidad.

Nakalista sa ibaba ang mga default na plano sa pag-enroll na pinili ng bawat lungsod:

- **Irvine:** 100% Renewable Choice
- **Buena Park:** 100% Renewable Choice
- **Fullerton:** Smart Choice 69% Renewable
- **Huntington Beach:** Basic Choice 38% Renewable (nagsimula ang Huntington Beach sa 100% Renewable Choice noong 2022 at pagkatapos ay ibinaba ito sa Basic Choice para sa mga bagong account ng customer na in-enroll pagkatapos ng Abril 2023).

Kung nakatira ka o may negosyo ka sa alinman sa mga lungsod na ito, magsisimula ka sa planong pinili ng iyong lungsod. Gayunpaman, maaaring piliin ng mga customer ng OCPA na manatili sa plano na iyon o lumipat pataas o pababa anumang oras at gumawa ng pagbabago mula sa kanilang plano sa pag-enroll, sa isa sa mga sumusunod na 3 OCPA Plan:

- Basic Choice na nagbibigay ng 38% renewable na enerhiya at nagkakahalaga ng 2% mas mababa sa katumbas na rate ng pag-generate ng SCE;
- Smart Choice na nagbibigay ng 69% renewable na enerhiya. Mas mataas ng \$0.01 kada kWh ang plano na ito kaysa sa aming Basic Plan; at
- 100% Renewable Choice plan. Mas mataas ng \$0.015 kada kWh ang plano na ito kaysa sa aming Basic Plan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong lokal na hurisdiksyon, pakibisita ang aming website sa [ocpower.org](http://ocpower.org). Bukod pa rito, ang aming [Calculator para sa Paghahambing ng Rate](#) sa website ng OCPA ay makakatulong sa mga customer na gumawa ng may-kabatirang pasya tungkol sa kung gaano karaming renewable na enerhiya ang gusto nilang paglaanan ng puhunan.

- **Kung pipiliin ko ang 100% Renewable Energy plan, ibig bang sabihin 100% ng enerhiya na dadaloy sa aking bahay at negosyo ay malinis na enerhiya?**

Bumibili ang OCPA ng renewable na enerhiya batay sa mga porsyentong pinili ng mga customer para sa kanilang pag-i-invest. Ang porsyentong iyon ng renewable na enerhiya ay napupunta sa grid – isa itong pagbeberde ng grid. Walang utility ng enerhiya ang naghahatid ng mga naka-indibidwal na package ng renewable na enerhiya nang direkta sa mga metro ng mga customer.

#### **Mga Rate at Programa sa Insentibo**

- **Paano maihahambing ang mga rate ng OCPA sa SCE?**

Nag-aalok ang OCPA ng tatlong plano sa rate, na pinagpasyahan ng lungsod kung saan ka nakatira o kung nasaan ang negosyo mo. Nakabalangkas sa ibaba ang mga sumusunod na plano sa rate at paghahambing ng gastos:

- Basic Choice na nagbibigay ng 38% renewable na enerhiya at ang rate ng OCPA na ito ay nagkakahalaga ng 2% na mas mababa sa katumbas na rate ng pag-generate ng SCE
- Smart Choice na nagbibigay ng 69% renewable na enerhiya. Mas mataas ng \$0.01 kada kWh ang plano na ito kaysa sa aming Basic Plan
- 100% Renewable Choice plan. Mas mataas ng \$0.015 kada kWh ang plano na ito kaysa sa aming Basic Plan

- **Sino ang nagdedesisyon kung ano ang mga rate na sisingilin ng OCPA?**

Taunang itinatakda ng Lupon ng Mga Direktor nito ang mga rate ng OCPA at batay ito sa mga rate ng for-profit na utility. Kung magbabago ang mga rate ng for-profit na utility, susuriin ng OCPA ang mga bagong rate na iyon at tutukuyin kung kailangang gumawa ng anumang pagsasaayos sa disenyo ng rate ng OCPA.

- **Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga rate?**

Nag-aalok ang website ng OCPA ng mga detalye para sa mga residensyal na rate at komersyal na rate, pati na rin ng calculator para sa paghahambing ng rate. Bisitahin ang [OCPower.org](http://OCPower.org) at pillin ang alinman sa Residensyal o Komersyal mula sa menu ng nabigasyon. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono sa [1-866-262-7693](tel:1-866-262-7693).

- **Maaari ba akong makakuha ng katulad na renewable na enerhiya o green rate sa pamamagitan ng SCE?**

Bagama't nag-aalok ang SCE ng programang green rate, kasalukuyan silang hindi tumatanggap ng mga bagong residensyal o komersyal na customer ng green rate. Nag-aalok ang OCPA ng tatlong plano sa renewable na enerhiya at maaari mong piliin kung sa gaano karaming renewable na enerhiya mo gustong mamuhunan – 38%, 69%, o 100%. Ang Basic Choice plan ay 38% renewable na enerhiya at nagkakahalaga ng 2% na mas mababa sa katumbas na rate ng pag-generate ng SCE.

- **Nag-aalok ba ang OCPA ng mga programa sa tulong sa rate?**

May access ang mga customer ng OCPA sa marami sa mga programa sa tulong sa rate na katulad ng mga customer ng for-profit na utility. Nalalapat din sa mga customer ng OCPA ang rate relief na ibinibigay sa pamamagitan ng California Alternate Rates for Energy (CARE), Family Electric Rate Assistance (FERA), Arrearage Management Plan (AMP), Home Energy Assistance Program (HEAP), o mga Medical Baseline program.

### **Solar at Net Energy Metering (NEM)**

- **Paano ito gumagana sa aking solar panel system?**

Kung mayroon kang mga naka-install na solar panel, susubaybayan ng iyong mga metro ng kuryente kung gaano karami ang kuryenteng ginagamit mo mula sa grid at kung gaano kalaki ang surplus na ipinapadala mo sa grid kada buwan. Tinatawag na 'net na enerhiya' ang kaibahan ng enerhiyang pino-produce mo sa enerhiyang ginagamit mo mula sa grid. Ipinapakita ang net na enerhiya sa bill bilang negatibong paggamit kapag isa kang net generator (kapag mas marami kang nage-generate na kuryente kaysa sa ginagamit mo), o positibong paggamit kapag isa kang net consumer (kapag mas marami kang ginagamit na kuryente kaysa sa nage-generate mo). Awtomatikong sinusubaybayan ng SCE ang iyong net na enerhiya at kine-credit o sinisingil ka nito nang naaayon kada buwan batay sa iskediyul ng rate mo.

- **Paano gumagana ang OCPA sa aking regular na singil at taunang true-up?**

Buwanang naniningil ang OCPA, para hindi ka potensyal na humantong sa isang taong halaga ng mga singil sa taunang true-up. Bawat buwan, tinitingnan ng OCPA kung gaano karaming kuryente ang nage-generate mo at kung gaano karaming kuryente ang nakokonsumo mo. Kung mas malaki ang nakonsumo mo kaysa sa na-generate mo, hindi ka makakatanggap ng malaking taunang sopresang bill dahil buwanang pagbabalanse at pagsingil ng OCPA sa mga account ng customer ng NEM. Gayunpaman, kung mas malaki ang na-generate mo kaysa sa nakonsumo mo, makakakita ka ng credit (credit sa bill) sa iyong buwanang bill na iba-bank at gagamitin para i-offset ang anumang singil sa hinaharap sa mga susunod na yugto ng pagsingil. Kapag mas maraming na-produce na enerhiya ang iyong system kaysa sa ginagamit mo sa loob ng 12 buwan, babayaran ka ng OCPA para sa pagdaragdag ng malinis na kuryente sa lokal na grid gamit ang Net Surplus Compensation (NSC).

Itu-true up ng OCPA ang lahat ng customer kada taon tuwing Abril, sa halip na sa isang natatanging petsa para sa bawat customer. Sa "true up" tuwing Abril, posibleng mabigyang-daan ang aming mga customer ng solar na makinabang sa kanilang programa ng NEM sa tag-init, kung kailan madalas na nage-generate ang mga sobrang credit, at makinabang sa taglamig, kung kailan madalas na nauubos ang mga credit na iyon.

- **Kung makakagawa ang aking mga solar panel ng mas maraming enerhiya kaysa sa ginagamit ko, patuloy ba akong makakakuha ng kompensasyon kung sasali ako sa OCPA?**

Oo! Bilang pasasalamat sa pagiging taunang net na producer ng malinis at renewable na kuryente, nakatakda ang rate ng NSC ng OCPA sa 10% na mas mataas sa kasalukuyang rate ng NSC ng SCE.

#### **Mga withdrawal ng miyembrong komunidad**

- **Nagbibigay pa rin ba ng kuryente ang OCPA sa mga residensyal at komersyal na customer sa Huntington Beach?**

Oo! Habang sinisiyasat ng Lungsod ng Huntington Beach ang pagiging miyembro nito sa Orange County Power Authority sa hinaharap, ang mga negosyo at residente ay patuloy na may pagpipilian at access sa mga kompetitibong rate at mas malinis at renewable na enerhiya sa pamamagitan ng Orange County Power Authority. Ang pinakamaagang opisyal na paglipat pabalik sa for-profit na utility ay maaaring mangyari sa Hulyo 2024. Marami pang darating na impormasyon kung/kapag mangyayari iyon.

Samantala, ang Orange County Power Authority ay patuloy na nag-aalok ng maaasahan at renewable na enerhiya bilang not-for-profit na default na provider ng kuryente para sa Huntington Beach at patuloy nitong iaalok sa mga customer ang aming Basic Choice plan na nagkakahalaga ng 2% na mas mababa kaysa sa katumbas na rate ng pag-generate ng SCE.

- **Makakaya ba ng OCPA ang pag-withdraw ng mga komunidad sa ahensya?**  
Bibili lang ang OCPA ng renewable na enerhiyang kailangan para sa customer base nito. Kung mas kaunti ang mga customer, mas kaunting renewable na enerhiya ang ipo-procure ng OCPA.

#### **Para sa higit pang impormasyon**

- **Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?**

Bisitahin ang website sa [ocpower.org](http://ocpower.org), tawagan kami sa [866-262-7693](tel:866-262-7693), o i-email kami sa [answers@ocpower.org](mailto:answers@ocpower.org).